



NHS England

# Pulyeto ng impormasyon tungkol sa mga pagrepaso ng gamot para sa kababaihan at mga taong umiinom ng valproate





Tagalog

# Tungkol saan ang pulyetong ito?





Ang pulyetong ito ay tungkol sa mga benepisyo at peligro ng pag-inom ng valproate para kaninomang mas bata sa 55. Ito ay para suportahan ka para makipag-usap sa espesyalista mo tungkol sa pagsisimula o pag-inom ng valproate. Ang valproate ay minsang tinatawag na Epilim o Depakote. Ang valproate ay binibigkas bilang val-pro-ate.





Ang valproate ay maaaring napakabisa sa paggamot ng epilepsy (mga kombulsyon o sumpong) o bipolar disorder at mga ibang problemang pangkalusugan. Ito ang pinakamahusay na gamot para mabawasan ang mga sumpong o kombulsyon na pangkalahatan.





Sasabihin sa iyo ng iyong espesyalista ang tungkol sa pinakamahusay na gamot para mabuti kang mabuhay at manatiling ligtas. Minsan, ang ilang mga tao ay maaaring may malalang sakit na mga komubulsyon o sumpong at ang ilang tao ay maaaring biglaang mamatay (kilala bilang SUDEP, Biglaang Hindi Inaasahang Pagkamatay sa Epilepsy).




Kakausapin ka at ang iyong mga tagapag-alaga, pamilya o tagapagtanggol ng espesyalista mo tungkol sa mga benepisyo at mga peligro ng iyong valproate na gamot. Ipapaliwanag nila ang SUDEP at mga ibang peligro sa kalusugan mo.





Kung uminom ka ng valproate habang buntis ka, maaari itong magdulot ng mga problema sa kalusugan para sa sanggol mo.




Maaaring maapektuhan ng valproate ang paraan ng paglaki ng katawan at utak ng sanggol mo. Maaaring may 30-40% pagkakataong magkaproblema kung paano nabubuo ang utak ng sanggol.

Maaaring mangahulugan ito na mayroon silang kapansanang matuto o autism o hindi makapagbigay ng atensiyon o manatiling nakaupo (ADHD).



## Bakit ko kailangang repasuhin ang aking gamot na valproate?


Kung umiinom ka ng valproate maaari itong magdulot ng mga pangkalusugang problema sa mga sanggol. Kung mas bata ka sa 55, hihilingin sa iyong makipagkita sa espesyalista mo bawat taon. Kilala ito bilang pagrepaso sa gamot.



Kung mayroon kang pasaporte sa pag-aalaga ng kalusugan, ipakita ito sa iyong espesyalista. Makakatulong ito sa kanilang suportahan ka.




Dapat kaugnay ka sa anumang desisyon tungkol sa gamot mo. Maaaring may kasama ka sa mga pakikipagpulong sa espesyalista mo, tulad ng miyembro ng iyong pamilya, tagapag-alaga, kaibigan, tagapagtanggol o taong makakatulong sa iyong ipaalam ang mga pananaw mo.



Tandaan na pinakamahalaga ang boses mo. Laging magtanong kung hindi mo naiintindihan. Sabihin kung hindi mo ramdam na kasama ka sa mga desisyon tungkol sa katawan mo at sa buhay mo.




Magtatanong ang espesyalista mo kung nagpaplano kang magkasanggol o kung sa palagay mo ay hindi ka mabubuntis. Susuriin nila kung ang valproate ay ang pinakamahusay na gamot pa rin para sa iyo. Ipakukumpleto sa iyo ang isang Form ng Taunang Pagkilala ng Peligro (Annual Risk Acknowledgement Form (ARAF)) sa espesyalista. Bibigyan ka ng kopya ng ARAF.



## Sa palagay ko ay hindi ako mabubuntis

Kung sa palagay mo at ng espesyalista ay hindi ka mabubuntis, isusulat nila ito sa ARAF kasama ng dahilan.


# Maaaring mabuntis ako



Kung sa palagay mo at ng espesyalista mo ay maaaring mabuntis ka, makikipagkita sila sa iyo bawat taon. Tatalakayin nila ang iyong epilepsy o bipolar disorder at susuriin kung ang valproate pa rin ang pinakamahusay na gamot para sa iyo. Tsetsekan nila na sumang-ayon kang inumin ito.




Kung mas bata ka sa 55 taong gulang at maaaring mabuntis, maaaring gamitin ang valproate kung sumang-ayon ang dalawang espesyalista na ito ang pinakamahusay na gamot para sa iyo. Kakailanganin mong pag-isipan ang contraception tulad ng coil o contraceptive implant. Maaari kang humingi ng pagpapayo tungkol sa mga opsyon mo.





Kung maaari kang mabuntis, tatalakayin ng espesyalista mo sa iyo kung may isa pang gamot na maaaring kasing buti para sa iyo tulad ng valproate.




Ang pagpalit mula sa valproate sa gamot na maaaring hindi kasing buting gumana, o mabilis na pagpalit nito, ay maaaring magpalala sa mga kombulsyon mo o mga problemang pangkalusugan. Maaaring kailanganin ng ilang taong pumunta sa ospital at maaaring mamatay ang ilang tao.

# Nag-iisip ako tungkol sa pagpaplano ng pagbubuntis



Kung nagpaplano ka sa pagbubuntis, napakahalagang kausapin ang iyong doktor. Makakatulong sila sa iyong magawa ang lahat ng posible para mabawasan ang anumang peligro sa iyo o sa sanggol mo bago ka mabuntis.



Kailangan mo agad-agad ipaalam sa doktor mo kung mabuntis ka. Mahalagang hindi ihinto ang pag-inom ng iyong valproate na gamot nang hindi kinakausap ang iyong espesyalista dahil mapanganib ito.



Mahalaga ba kung mabuntis ka at nagkaroon ng mga kombulsyon o mga sumpong na mapahinto ang mga ito hangga’t posible. Ang masyadong maraming kombulsyon ay makakaapekto sa paraan ng paglaki ng mga katawan art mga utak ng mga sanggol. Minsan ay maaaring mamatay ang kababaihan at mga hindi pa pinanganganak na mga sanggol dahil sa mga kombulsyon at SUDEP (Sudden Unexpected Death in Epilepsy).



Maraming kababaihang may epilepsy ay may mabubuting pagbubuntis pero maaaring hindi ligtas na panahon ito. Ang ilang kababaihan ay nagiging mga ina nang hindi nabubuntis tulad ng pag-aampon.




## Higit na impormasyon

Maaari kang mag-download ng PDF ng pulyetong ito at malaman ang higit pa sa:

**southeastclinicalnetworks.nhs.uk/valproate**



Maaari mo ring **i-scan ang QR code na ito** sa pamamagitan ng pagturo ng telepono mo dito.

Maaari ring mag-download ang pulyetong ito sa iba't ibang wika.

## Pagkilala

Salamat sa lahat ng mga clinician sa buong south east region at lagpas pa, kasama ng mga eksperto ayon sa karanasan sa epilepsy at mga kundisyon sa kalusugan sa pag-iisip na nag-ambag sa pulyetong ito.

Patikular kaming nagpapasalamat para sa input mula sa Active Prospects, mga miyembro ng ProActive Community, SUDEP Action, at My Life My Choice na naghubog sa pulyeto kasama namin.

Copyright ng mga imahe ng ‘Easy-on-the-i’ © Leeds and York Partnership NHS Foundation Trust.

CS57039 NHS Creative 2024